

Komparatibong Pagsusuri ng Applicative/Causative Marking ng Bahasa Indonesia at Morphological Focus Marking ng Tagalog

*Comparative Analysis of Applicative/Causative Marking in Bahasa Indonesia
and Morphological Focus Marking in Tagalog*

JEM R. JAVIER

ABSTRAK

Tatangkain ng papel na ito na suriin ang estruktura ng mga verbal sentence ng Bahasa Indonesia na naglalaman ng mga hulaping applicative/causative na *-kan* at *-i* mula sa pananaw ng morphological focus system na siyang ginagamit naman sa paglalarawan sa Tagalog, isang Philippine-type na wika. Samantalang ang masalimuot na verbal morphology ng mga wikang Philippine-type ang tumutukoy sa complement na nagsisilbing grammatical subject, ang mga hulaping *-kan* at *-i* sa isang Indonesian-type na wika gaya ng Bahasa Indonesia ang naghuhudyat (trigger) sa pagpili ng direct object ng verbal predicate. Mula rito at sa datos na nakalap mula sa iba't ibang teksbuk at panayam sa mga informant, tatangkain ng pag-aaral na ito na tingnan ang mga posibleng magkakatumas na kayarian sa pagitan ng grammatical-subject marking ng Tagalog at direct object-marking ng Bahasa Indonesia, at tatalakayin ang implikasyon nito sa pagtuturo ng Bahasa Indonesia sa mga tagapagsalita ng Tagalog, at maging sa pagsasalin mula sa Bahasa Indonesia patungong Tagalog at vice versa.

Mga Susing Salita: Bahasa Indonesia, Tagalog, applicative/causative, focus marking, comparative linguistics

ABSTRACT

This paper attempts to analyze the structure of Indonesian verbal sentence containing the applicative/causative suffixes *-kan* and *-i* from the perspective of the morphological focus system used in describing Tagalog, a Philippine-type language. Whereas the complex verbal morphology in Philippine-type languages indicates which complement serves as the grammatical subject, the suffixes *-kan* and *-i* in an Indonesian-type language such as Bahasa Indonesia trigger the choice of the direct object of the verbal predicate. With these in mind and gathering data from the different pedagogical textbooks and informant work, this study aims to look at the possible equivalent structures between the grammatical-subject marking of Tagalog and direct object-marking in Indonesian, and to discuss their implications for teaching Indonesian to Tagalog-speaking learners as well as doing translation work from Indonesian to Tagalog and vice versa.

Keywords: Bahasa Indonesia, Tagalog, applicative/causative, focus marking, comparative linguistics



Mahahati sa dalawang typological na kategoriya ang syntax ng subgroup ng mga wikang Western Austronesian: ang Philippine-type at Indonesian-type. Ang mga wikang Philippine-type ay may komplikadong verbal morphology na hindi umaayon sa dikotonomiya ng voice system na makikita sa mga wikang Indo-European. Dahil dito, masasabing ang Philippine-type na sistema ay “symmetric” kung titingnan sa perspektibo ng voice system:

1. *All forms of the verb are marked for voice.*
2. *In “passive-like” constructions, agents are not demoted to adjuncts, but rather are arguments of the predicate.*
3. *There are a variety of passive-like voices, promoting nominals exhibiting different grammatical and semantic relations to surface subjecthood.* (Cole, Hermon, at Yanti 1501)

Sa kabilang banda, ang mga wikang Indonesian-type ay may dalawang voice: active at passive (Ross 457). (Mayroon pang ikatlong uri ng syntactic typology na kilala sa tawag na post-Indonesian (Ross 470), subalit hindi na ito sasakupin ng kasalukuyang papel.)

Sa mga wika ng Pilipinas, anumang complement ay maaaring maging grammatical subject, sang-ayon sa kakayahan ng verb na i-focus ito sa pamamagitan ng pagkakabit ng karampatang panlapi. Dahil dito, ang ‘napiling’ complement ay tumatanggap ng neutral na nominal marker, yamang ang semantic role ng focused complement na ito ay naka-encode na

sa verb. Ang ganitong kaayusan ay tinatawag ding focus system (tingnan ang Malicsi (3) para sa paglalapat ng focus system sa Filipino). Ang focus system na nakikita sa mga wika ng Pilipinas ang pangunahing katangian ng mga wikang Philippine-type, gaya ng ipinahayag nina Reid at Liao (433-434):

Philippine languages are sufficiently distinct from other Austronesian languages that the label “Philippine-type Language” has sometimes appeared in the literature to characterize languages that seem to share characteristics such as the so-called “focus system” that are thought of as defining those found in the Philippines.

Ang Bahasa Indonesia (ISO code: ind), na isa samgapinakainaral na wikang Austronesian, ay nagpapamalas ng applicativization/causativization, mga prosesong nag papabago ng valence, na tumutukoy sa mga argumentong may malapit na kaugnayan sa verb. Sa Bahasa Indonesia, ang applicativization (proseso kung saan nagiging direct (primary) object ang isang oblique (opsiyonal) na argument) at ang causativization (pagdaragdag ng bagong participant—ang causer—ng verb) ay nagaganap sa pamamagitan ng pagkakabit ng panlaping *-kan* o *-i* (tingnan ang mga pag-aaral nina Arka; Musgrave; Purwo, *Voice in Indonesian*; Purwo, *The Two Proto-types of Ditransitive Verbs*; at Vamarasi para sa mas detalyadong pagtalakay sa naturang panlapi). Matutunghayan ito sa sumusunod na mga halimbawang pangungusap na sinipi sa Arka et al. (90):

(a) *Air itu sedang meng-alir ke sawah.*
 water that prog AV.flow to rice.field

‘The water is flowing to the rice field.’

(b) *Dia meng-alir-kan air itu ke sawah=nya.*
 3s AV.flow-kan water that to rice.field=3sg

‘S/he caused the water to flow to his/her rice field.’

(c) *Dia meng-alir-i sawah=nya dengan air itu.*
 3s AV.flow-i rice.field=3sg with water that

‘S/he flooded his/her rice field with the water.’

Ang prosesong transitivity na kadalasang nakikita sa verb ay matutunghayan din sa ibang syntactic category (Arka et al. 86), subalit ang resultang anyo ng pagkakabit ng panlaping causative/applicative sa mga kategoriya ng ito ay nagde-derive ng transitive verb na nagtatakda ng espesipikong direct object.

Sa papel na ito, susubukang suriin ang kayarian ng pangungusap ng Bahasa Indonesia, na may partikular na diin sa mga pangungusap na naglalaman ng transitivized verbal predicate, o verb na kinakabitan ng hulaping applicative/causative na *-kan* at *-i*. Minarapat na pagtuunan ng pansin ang *-kan* at *-i* sa Bahasa Indonesia upang makapag-alok ng higit na masinsing paglalarawan at pagpapaliwanag sa penomenong applicativization/causativization gamit ang lente ng morphosyntax ng Tagalog (ISO code: tgl), na higit na malapit na wika. Gayunman, gagamitin pa rin ang Ingles bilang metalanguage na siyang gagamitin sa pagbibigay ng gloss sa mga halimbawang pangungusap upang mapatingkad ang pagkakaiba-iba sa magkakatumbas na estruktura.

Bukod sa mga aklat ng grammar para sa mga nag-aaral ng Bahasa Indonesia bilang banyaga o pangalawang wika, mayroon nang mga linggwistik na pag-aaral hinggil sa mga nabanggit na hulapi. Ilan sa mga halimbawa ay ang paglalarawan ni Dardjowidjojo (71) sa verb sa Bahasa Indonesia na may *meN-*, *meN-...-kan*, at *meN-...-i* at ang pag-aaral nina Cole at Son (339) sa argument structure ng verb sa Bahasa Indonesia na kinakabitan ng *-kan*. Subalit sa papel na ito, titingnan ang behavior ng mga complement ng mga verb na may *-kan* at *-i* mula sa lente ng focus system na ginagamit sa pagsusuri ng mga wika ng Pilipinas, na naglalarawan sa kayarian ng kategoriya ng Philippine-type sa loob ng linguistic typology ng pamilya ng mga wikang Austronesian. Ninanais ng pananaliksik na ito na pag-ugnayin ang Bahasa Indonesia at Tagalog, dalawang wikang tila may magkaibang-magkaibang syntactic typology, at ilatag ang mga posibleng implikasyon ng paghahambing ng mga hulaping object marking na *-kan* at *-i* vis-à-vis mga verbal affix ng Tagalog na nagpapahayag ng morphological focus system sa pagsasalin patungong Tagalog at pagtuturo ng Bahasa Indonesia sa mga taal na tagapagsalita ng Tagalog. Upang higit na maging komprehensibo ang pagtalakay sa iba’t ibang morphosyntactic behavior ng mga pangungusap sa Bahasa Indonesia, gagamitin din ang ilang konseptong itinataguyod ng Cognitive Grammar (Langacker 354; Radden at Dirven 267), gayundin ang panimulang pag-aaral ni Javier (128) sa paglalapat ng naturang teoretikal na balangkas sa Tagalog. Ang datos at halimbawang pangungusap ay kinuha sa mga umiiral na reference grammar at pedagogical grammar ng Bahasa Indonesia (Byrnes at Nyimas; Sneddon, *Understanding Indonesian Grammar*; at Sneddon, *Indonesian: A Comprehensive Grammar*).

Sa paglalarawan ng kayarian ng pangungusap ng Bahasa Indonesia, ilalapat din ang dalumat ng complement vs. prepositional phrase na itinataguyod ni Malicsi (90) noong sinuri niya ang grammar ng Filipino. Ibig sabihin, ituturing na complement ang noun phrase (na sinisimulan ng nominal marker) kung ang verb na siyang predicate ng pangungusap ay may kakayahang i-focus ang nasabing noun phrase. Kung hindi, ito ay ituturing na prepositional phrase. Sa kaso ng Bahasa Indonesia, ang mga complement ay yaong mga maaaring gawing direct object ng verb, samantalang prepositional phrase naman ang mga karagdagang complement subalit opsiyonal ang pag-iral sa pangungusap.

Ang estruktura ng pangungusap ng Bahasa Indonesia, relatibo sa Tagalog, ay masasabing mahigpit pagdating sa word order, lalo na sa ugnayan sa pagitan ng verb at ng object nito. Maaaring ihambing ang ugnayang verb-object ng Bahasa Indonesia sa focus system ng Tagalog, na nakatuon naman sa ugnayan ng verb at ng grammatical subject ng pangungusap. Sa Tagalog, ang panlapi sa verb ang

magdidikta sa kung aling noun phrase ang kukuha ng slot ng grammatical subject ng pangungusap. Samantalang sa Bahasa Indonesia, ang pag-iral ng hulapi sa transitive verb ang siya namang tutukoy sa kung aling noun phrase ang magiging object at lilipat sa posisyong kagyat na katabi ng verb. Makikita ito sa sumusunod na mga halimbawang pangungusap na hinalaw kay Chung (41) (kung saan ang Trans = panlaping nagreresulta sa transitive verb, Ben = benefactive object):

- (d) i. *Saja mem-bawa surat itu kepada Ali.*
I Trans-bring letter the to Ali
'I brought the letter to Ali.'
- ii. *Mereka men-dapat suatu pekerdjaan untuk anak-ku.*
they Trans-find a job for child-my
'They found a job for my daughter.'
- (e) i. *Saya mem-bawa-kan Ali surat itu.*
I Trans-bring-Ben Ali letter the
'I brought Ali the letter.'
- ii. *Mereka men-dapat-kan anak-ku suatu pekerdjaan.*
they Trans-find-Ben child-my a job
'They found my daughter a job.'

Ang morphosyntactic alternation na ipinapakita ng focus system ng Tagalog ay maaaring lagumin sa pamamagitan ng sumusunod na mga halimbawang halaw sa Foley at Van Valin (135) at sinipi sa Kroeger, *Phrase Structure and Grammatical Relations in Tagalog* (13-14):

- (f) *Bumili ang lalake ng isda sa tindahan.*
PERF.AV-buy NOM man GEN fish LOC store
'The man bought fish at the store.'
- (g) *Binili ng lalake ang isda sa tindahan.*
PERF-buy-OV GEN man NOM fish DAT store
'The man bought the fish at the store.'
- (h) *Binilhan ng lalake ng isda ang tindahan.*
PERF-buy-DV GEN man GEN fish NOM store
'The man bought the fish at the store.'
- (i) *Ipinambili ng lalake ng isda ang pera.*
IV-PERF-buy GEN man GEN fish NOM money
'The man bought fish with the money.'
- (j) *Ibinili ng lalake ng isda ang bata.*
BV-perf-BUY GEN man GEN fish NOM child
'The man bought fish for the child.'

Ginamit ang sumusunod na mga daglat upang ilarawan ang morphosyntactic structure ng mga halimbawang pangungusap (f) hanggang (j): PERF (perfective aspect), OV (objective voice), GEN (genitive

case), NOM (nominative case), DAT (dative/locative case), DV (dative/locative voice), IV (instrumental voice), and BV (benefactive voice).

Ang mga non-focused nominal phrase ay tinatakdaan ng isang nominal marker, na tumutukoy sa semantic role nito. Samantala, ang neutral na nominal marker na *ang* ang siyang itinatakda sa noun phrase na gumaganap na grammatical subject ng pangungusap yamang ang semantic role ng naturang noun phrase ay naka-encode na sa verbal affix (o focus marker) na taglay ng verb.

Dahil sa relatibong dami ng mga panlaping maaaring ikabit sa verb ng Tagalog, halos hindi rin nalilimitahan ang noun phrase, na may kani-kaniyang semantic role, na maaaring kumuha ng slot para sa grammatical subject. Samantala, sa Bahasa Indonesia, nagkakasya sa dalawang hulapi, *-kan* at *-i*, ang pagtukoy sa mga noun phrase na siyang tatayong direct object ng verb. Sa karamihan sa mga grammar book ng Bahasa Indonesia, tinatalakay na ang mga verb na may hulaping *-kan* at *-i* ang may kakayahang mag-“indicate” ng direct object nito.

Sa ganang ito, gaya ng matutunghayan sa susunod na mga seksiyon, titingnan ang behavior ng mga noun phrase na complement ng verbal predicate at kung paanong ang mga hulaping *-kan* at *-i* ay nagkokontrol sa kung aling noun phrase ang dapat umiral kasunod ng verb upang maging direct object nito. Mahalagang itala na sa mga halimbawang pangungusap sa ibaba, sadyang inilagay sa hulihan ang noun phrase na tinatakdaan ng *ang* upang maihiwalay ito sa iba pang mga argumento ng verb.

OBJECT BILANG CAUSEE

Maraming *-kan* verb ang nagmula sa intransitive verb stem. Ang pangunahing gamit ng mga *-kan* verb ay upang magpahiwatig na ang OBJECT ay pinaaakto ng kilos ng ipinapahayag ng intransitive verb. Sa sumusunod na mga konstruksiyon,

- | | | | | |
|-----|------|------------------------|---------------------|-----------------|
| (1) | ind: | <i>Siti</i> | <i>bangun.</i> | |
| | | Siti | woke up | |
| | tgl: | <i>Gumising</i> | <i>si Siti.</i> | |
| | | woke up | Siti | |
| | | ‘Siti woke up.’ | | |
| (2) | ind: | <i>Ibu</i> | <i>membangunkan</i> | <i>Siti.</i> |
| | | Mother | caused to wake up | Siti |
| | tgl: | <i>Ginising</i> | <i>ng nanay</i> | <i>si Siti.</i> |
| | | was woken up | by mother | Siti |
| | | ‘Mother woke Siti up.’ | | |

ang pangungusap (1) ay maisasalin sa Tagalog bilang ‘Gumising si Siti.’ kung saan ang subject *Siti* ang siyang AGENT ng verb *bangun* ‘bumangon’. Samantala, sa pangungusap (2), lumilitaw ang isang external causal agent, o CAUSER, na ipinapahayag ng noun phrase *ibu* ‘nanay’ at siyang nagdulot sa CAUSEE *Siti* upang gawin ang verb *bangun*. Sa Bahasa Indonesia, ang verb *bangun* ay kabilang sa closed set ng mga bare o independent verb, o yaong hindi nangangailangan ng affix na *meN-* o *ber-* upang ipahiwatig ang pagiging verb nito. Ang object ng verb *membangunkan* ‘magdulot ng pagbangon’ ay ang CAUSEE *Siti*, na siya namang gumanap sa verb *bangun*.

Ganito rin ang sitwasyong matutunghayan sa sumusunod na halimbawa sa ibaba:

- | | | | | | | | |
|-----|------|--|-------------------|--------------|------------------|--------------|-------------------|
| (3) | ind: | <i>Suzi</i> | <i>memasukkan</i> | <i>mobil</i> | <i>ke</i> | <i>dalam</i> | <i>garasi.</i> |
| | | Suzi | caused to enter | car | to | inside | garage |
| | tgl: | <i>Ipinasok</i> | <i>ni Suzi</i> | | <i>sa garahe</i> | | <i>ang kotse.</i> |
| | | was put into | by Suzi | | the garage | | the car |
| | | ‘Suzi put/parked the car in the garage.’ | | | | | |

Sa pangungusap (3) ang object *mobil* 'kotse' ay gumaganap sa role na CAUSEE na siyang gumanap sa kilos na ipinapahayag ng stem na *masuk* 'pumasok'. Ang noun *Suzi* ay ang CAUSER. Ang noun *garasi* 'garahe' ay sinisimulan ng preposition *ke dalam* 'sa loob [ng]'

May mga intransitive verb sa Bahasa Indonesia na kapag kinabitan ng panlaping *-kan* ay kumakatawan sa iba't ibang kahulugan, batay sa kasalamuha nitong mga complement. Halimbawa nito ay ang verb *naik* 'tumaas o umakyat (o 'sumakay' sa ibang konteksto)' na ang resultang anyong *menaikkan* ay maaaring mangahulugang 'itaas' o 'isakay'. Makikita ito sa sumusunod na mga halimbawang pangungusap:

- | | | | | |
|-----|------|---------------------------------|---------------------------------|---------------------------------|
| (4) | ind: | <i>Harga</i> | <i>naik.</i> | |
| | | price | rose up | |
| | tgl: | <i>Tumaas</i> | <i>ang presyo (ng bilihan).</i> | |
| | | rose up | the price (of products) | |
| | | 'The prices went up.' | | |
| (5) | ind: | <i>Pemerintah</i> | <i>menaikkan</i> | <i>harga.</i> |
| | | government | caused to go up | prices |
| | tgl: | <i>Itinaas</i> | <i>ng pamahalaan</i> | <i>ang presyo (ng bilihan).</i> |
| | | was made to rise up | by the government | the price (of products) |
| | | 'The government raised prices.' | | |

Ang pangungusap (4) ay may intransitive verb *naik*. Ang kayarian ng pangungusap na ito ay payak, kung kaya ang salin sa Tagalog ay ginagamitan ng verb na kinakabitan ng gitlaping *-um-*: 'Tumaas ang presyo (ng bilihan).' Sa pangungusap (5) naman, ang verb *naik* ay nagiging transitive *menaikkan* na ang object ay ang noun *harga* 'presyo'. Ang subject ng pangungusap ay ang CAUSER *pemerintah* 'pamahalaan' at ang direct object naman ng verb *menaikkan* na maisasalin bilang 'itaas' ay ang CAUSEE *harga*. Gaya ng nabanggit sa itaas hinggil sa pagtatakda ng verb ng magiging direct object nito, maaaring isalin ang pangungusap (5) sa Tagalog bilang 'Itinaas ng pamahalaan ang presyo (ng bilihan).' kung saan ang focus ay nasa CAUSEE, sang-ayon sa panlaping ginamit ng verb *itaas*.

Ang isa pang kahulugan ng transitive verb *menaikkan* ay 'isakay', mula sa stem na *naik* na ang kahulugan ay 'sumakay', gaya ng nakasaad sa sumusunod na mga konstruksiyon:

- | | | | | | | |
|-----|------|--|---------------------|---------------------|----------------------|-----------------|
| (6) | ind: | <i>Orang sakit</i> | <i>naik</i> | <i>pesawat.</i> | | |
| | | sick person | got on | airplane | | |
| | tgl: | <i>Sumakay</i> | <i>ang maysakit</i> | <i>sa eroplano.</i> | | |
| | | got on | the sick person | the airplane | | |
| | | 'The sick person got on the plane.' | | | | |
| (7) | ind: | <i>Orang-orang</i> | <i>menaikkan</i> | <i>orang sakit</i> | <i>ke</i> | <i>pesawat.</i> |
| | | people | put aboard | sick person | to | airplane |
| | tgl: | <i>Isinakay</i> | <i>ng mga tao</i> | <i>sa eroplano</i> | <i>ang maysakit.</i> | |
| | | was put aboard | by the people | the airplane | the sick person | |
| | | 'The people put aboard the plane the sick person.' | | | | |

Maituturing na payak ang pangungusap (6) kung kaya kung isasalin ito sa Tagalog, ang panlaping ikinakabit sa verb ay nagfo-focus sa AGENT ng kilos. Samantala, sa pangungusap (7), ang verb *menaikkan* 'isakay' ay may direct object *orang sakit* '(taong) maysakit' na kumukuha naman ng semantic role CAUSEE, habang ang noun *pesawat* 'eroplano' ay sinisimulan ng preposition *ke* '(tungo) sa' na nagpapahiwatig ng LOCATION/DESTINATION/GOAL kung saan nagkaroon ng kaganapan o nagtapos ang kilos. Dahil dito, sa salin sa Tagalog, ang pangungusap ay naglalaman ng verb na naka-focus sa CAUSEE: 'Isinakay ng mga tao sa eroplano ang maysakit.'

OBJECT BILANG THEME

Maraming *-kan* verb ang halaw sa transitive verb stem. Sa ganitong pagkakataon, ang direct object na pinipili ng *-kan* verb ay yaong may semantic role na THEME, o ang entidad na siyang pinakaapektado ng kilos o pangyayari. Kalimitan sa ganitong uri ng konstruksiyon, itinuturing na opsiyonal lamang ang paggamit ng hulaping *-kan* yamang ang idyomatikong salin sa Ingles ay kadalasang pareho lamang. Subalit kung ihahambing sa Tagalog, at galing sa paniniwalang ang canonical form ng verb sa Bahasa Indonesia (yaong walang ikinakabit na panlapi) ang tinutumbasan sa Tagalog ng verb na may AGENT focus marker, makikitang may pagkakaiba sa paggamit at di-paggamit ng hulaping *-kan*. Tingnan ang mga halimbawang pangungusap sa ibaba:

(8)	Ind:	<i>Ibu</i> mother	<i>menawar</i> offered	<i>makanan</i> food	<i>kepada</i> to	<i>tamu.</i> guest
	Tag:	<i>Nag-alok</i> offered	<i>ng pagkain</i> (some) food	<i>sa bisita</i> to the guest	<i>ang nanay.</i> the mother	
‘Mother offered food to the guest.’						

(9)	Ind:	<i>Ibu</i> mother	<i>menawarkan</i> offered	<i>makanan</i> food	<i>kepada</i> to	<i>tamu.</i> guest
	Tag:	<i>Inialok</i> was offered	<i>ng nanay</i> by the mother	<i>sa bisita</i> to the guest	<i>ang pagkain.</i> the food	
‘Mother offered food to the guest.’						

Dahil ang salin sa Ingles sa kapwa pangungusap (8) at pangungusap (9) ay pareho lamang, kalimitang sinasabing opsiyonal lamang ang pagkakabit ng hulaping *-kan*. Maging ang mga taal na tagapagsalita mismo ay hindi gaanong gamay ang masinsing detalye nito; subalit kung titingnan mula sa lente ng morphosyntax ng Tagalog, lumilina at tumitingkad ang pagkakaiba. Ang pangungusap (8) ay maituturing na payak kung kaya ang salin sa Tagalog ay ginagamitan ng verb na may AGENT focus marker na *mag-* gaya ng *mag-alok*. Samantala, sa pangungusap (9), bagaman ang direct object ay ang noun *makanan* ‘pagkain’ pa rin, ang pag-iral ng hulaping *-kan* ay nangangahulugang ang focus ng verb ay sa THEME *makanan*. Kung kaya, ang higit na angkop na salin ng pangungusap (9) sa Tagalog ay yaong ang verb ay may THEME-focus affix: ‘Inialok ng nanay sa bisita ang pagkain.’

Ganito rin ang makikita sa sumusunod na mga halimbawang pangungusap:

(10)	Ind:	<i>Tuti</i> Tuti	<i>mengirim</i> sent	<i>surat</i> letter	<i>itu</i> the	<i>kepada</i> to	<i>ibu.</i> mother
	Tag:	<i>Nagpadala</i> sent	<i>ng liham</i> a/the letter	<i>sa nanay</i> to mother	<i>si Tuti.</i> Tuti		
‘Tuti sent the letter to mother.’							

(11)	Ind:	<i>Tuti</i> Tuti	<i>mengirimkan</i> sent	<i>surat</i> letter	<i>itu</i> the	<i>kepada</i> to	<i>ibu.</i> mother
	Tag:	<i>Ipinadala</i> was sent	<i>ni Tuti</i> by Tuti	<i>sa nanay</i> to mother	<i>ang liham.</i> the letter		
‘Tuti sent the letter to mother.’							

Ang verb sa pangungusap (10) ay walang hulapi, kung kaya maituturing na payak; dahil dito, ang verb sa salin sa Tagalog ay ginagamitan ng AGENT-focus affix na *mag-*: ‘Nag padala ng liham sa nanay si Tuti.’ Ang prepositional phrase *kepada ibu* ‘sa nanay’ ay may semantic role na RECIPIENT, o patutunguhan

ng THEME. Samantala, sa pangungusap (11), ang pag-iral ng hulaping *-kan* ay nagdudulot ng salin sa Tagalog na may verb na naka-focus sa THEME *surat itu* ‘ang liham’: ‘Ipinadala ni Tuti sa nanay ang liham.’.

OBJECT BILANG INSTRUMENT

Ang verbal predicate sa payak na pangungusap sa Bahasa Indonesia ay walang nakakabit na hulapi. Kung magdaragdag ng argumento ng verb, ito ay tinatakdaan ng nominal marker upang ipahiwatig ang semantic role na ginagampanan nito sa pangungusap. Halimbawa nito ay ang nominal marker *dengan* ‘gamit ang / sa pamamagitan ng’ na ikinakabit sa noun na may semantic role na INSTRUMENT:

(12)	Ind:	<i>Anak</i> child	<i>mengikat</i> tied	<i>anjing</i> dog	<i>dengan</i> with	<i>tali.</i> rope
	Tag:	<i>Nagtali</i> tied	<i>ng aso</i> a/the dog	<i>ang bata gamit</i> the child with	<i>ang lubid.</i> the rope	

‘The child tied the dog with a rope.’

Ang pangungusap (12) sa itaas ay maituturing na payak, kung kaya ginagamitan ng AGENT-focus affix *mag-* ang verb sa salin sa Tagalog: ‘Nagtali ng aso ang bata gamit ang lubid.’. Sa pagkakabit ng hulaping *-kan* sa verb ng nasabing pangungusap, ang INSTRUMENT *tali* ‘lubid’ ang siyang nagiging direct object ng verb *mengikatkan* at ang noun *anjing* ‘aso’ ay aatasan naman ng nominal marker *ke*, na siyang naglalahad na ang semantic role nito ay THEME:

(13)	Ind:	<i>Anak</i> child	<i>mengikatkan</i> tied	<i>tali</i> rope	<i>ke</i> to	<i>anjing.</i> dog
	Tag:	<i>Ipinantali</i> was used to tie	<i>ng bata</i> by the child	<i>sa aso</i> to the dog	<i>ang lubid.</i> the rope	

‘The child tied a rope to the dog.’

Dahil dito, ang magiging salin sa Tagalog ng pangungusap (13) ay ginagamitan ng verb na kinakabitan ng INSTRUMENT-focus affix *ipaN-*: ‘Ipinantali ng bata sa aso ang lubid.’.

Ganito rin ang mamamalas sa sumusunod na tambal ng pangungusap:

(14)	Ind:	<i>Anak</i> child	<i>memukul</i> hit	<i>anjing</i> dog	<i>dengan tongkat.</i> with stick	
	Tag:	<i>Pinalo</i> was hit	<i>ng bata</i> by the child	<i>ang aso</i> the dog	<i>gamit ang patpat.</i> with the stick	
		‘The child hit the dog with a stick.’				
(15)	Ind:	<i>Anak</i> child	<i>memukulkan</i> hit	<i>tongkat</i> stick	<i>pada anjing.</i> to dog	
	Tag:	<i>Ipinam(p)alo</i> was used to hit	<i>ng bata</i> by the child	<i>sa aso</i> to the dog	<i>ang patpat.</i> the stick	
		‘The child hit the dog with a stick.’				

Ang literal na salin ng pangungusap (15) sa Ingles ay ‘The child used the stick to hit the dog.’; pinatutunayan nitong ang inihahaing salin sa Tagalog ng naturang pangungusap ay kaakibat ng pagbabago sa morphosyntax ng konstruksiyon ng pangungusap. Lalong pinatitingkad ng mga

literatura ang ganitong pagbabago ng salin sa Tagalog (bagaman halos magkahawig lang sa Ingles) dahil sa pahayag ng mga ito na ang higit na angkop na salin ng pangungusap (15) sa Ingles ay ‘The child used the stick to hit the dog with.’. Ani Sneddon sa kaniyang *Understanding Indonesian Grammar* (40), sa mga halimbawang pangungusap sa itaas, ang *memukul anjing* sa pangungusap (14) ay nagpapahayag ng kung ano ang ginawa sa aso, habang ang *memukulkan tongkat* sa pangungusap (15) ay nagpapahayag naman ng kung ano ang ginawa sa patpat. Kapwa ang mga noun phrase na *dengan tongkat* ‘with a stick’ at *pada anjing* ‘to the dog’ ay maituturing na adjunct, o maaaring iwaglit lalo pa kung ang impormasyong ito ay nabanggit na sa diskurso. Dahil dito, ang salin sa Tagalog sa pangungusap (14) ay may verb na naka-focus sa THEME: ‘Pinalo ng bata ang aso gamit ang patpat.’, samantalang naka-focus naman ang verb ng pangungusap (15) sa INSTRUMENT: ‘Ipinam(p)alo ng bata sa aso ang patpat.’.

OBJECT BILANG BENEFICIARY

A ng verb na may suffix *-kan* sa Bahasa Indonesia ay maaari ding kumuha ng direct object na may semantic role na BENEFICIARY. Tingnan ang sumusunod na mga pangungusap:

(16)	Ind:	<i>Pelayan</i> waiter	<i>mengambil</i> got	<i>segelas</i> a glass	<i>air.</i> of water
	Tag:	<i>Kumuha</i> got	<i>ng isang basong tubig</i> a glass of water	<i>ang waiter.</i> the waiter	

‘The waiter got a glass of water.’

Ang pangungusap (16) sa itaas ay may payak na kayarian, kung kaya ang salin nito sa Tagalog ay ginagamitan ng verb na kinakabitan ng AGENT-focus affix na *-um-*: ‘Kumuha ng isang basong tubig ang waiter.’. Ang pangungusap na ito ay maaari ding dagdagan ng noun phrase na may semantic role na BENEFICIARY upang maging karagdagan ng verbal predicate. Sa Bahasa Indonesia, ang BENEFICIARY ay may nominal marker na *untuk* ‘para kay/sa’, gaya ng nakasaad sa pangungusap sa ibaba:

(17)	Ind:	<i>Pelayan</i> waiter	<i>mengambil</i> got	<i>segelas</i> a glass	<i>air</i> of water	<i>untuk Edi.</i> for Edi
	Tag:	<i>Kumuha</i> got	<i>ng isang basong tubig</i> a glass of water	<i>ang waiter</i> the waiter	<i>para kay Edi.</i> for Edi	

‘The waiter got a glass of water for Edi.’

Bagama’t may karagdagan ng noun phrase (i.e., BENEFICIARY *untuk Edi* ‘para kay Edi’) ang pangungusap (17), nananatiling payak ang kayarian ng pangungusap, kung kaya namamalaging *-um-* ang affix na ginamit sa salin ng verb sa Tagalog. Ang noun phrase na BENEFICIARY naman ay may nominal marker na ‘para kay/sa’ sa salin sa Tagalog, upang tukuyin ang nasabing semantic role.

Kung gagawing direct object ang BENEFICIARY *Edi* sa pangungusap (17), ikakabit ang hulaping *-kan* sa verb at mawawaglit ang nominal marker *untuk*. Makikita ang resultang pangungusap (18) sa ibaba:

(18)	Ind:	<i>Pelayan</i> waiter	<i>mengambilkan</i> got	<i>Edi</i> Edi	<i>segelas</i> a glass	<i>air.</i> of water
	Tag:	<i>Ikinuha</i> was gotten for	<i>ng waiter</i> by the waiter	<i>ng isang basong tubig</i> a glass of water	<i>si Edi.</i> Edi	

‘The waiter got Edi a glass of water.’

Dahil ang direct object sa pangungusap (18) ay ang noun phrase *Edi* na may semantic role na BENEFICIARY, ang salin nito sa Tagalog ay gagamitan ng verb na may BENEFICIARY-focus affix *i-*: ‘Ikinuha ng waiter ng isang basong tubig si Edi.’.

OBJECT BILANG LOCATION

Ang pinakamatingkad na bunga ng pagkakabit ng hulaping *-i* sa verb ng Bahasa Indonesia ay ang pag-“absorb” ng verb sa nominal marker ng noun phrase na inatasang maging direct object. Ibig sabihin, kasabay ng paglalagay ng hulaping *-i* sa verb at paglilipat ng noun phrase patungong posisyong direct object, ang nominal marker ng inilipat na noun phrase ay nawawala. Tingnan bilang halimbawa ang sumusunod na konstruksiyon:

(19)	Ind:	<i>Bambang</i> Bambang	<i>duduk</i> sat down	<i>di kursi.</i> on chair
	Tag:	<i>Umupo</i> sat down	<i>si Bambang</i> Bambang	<i>sa silya.</i> on the chair

‘Bambang sat down on the chair.’

Sa pangungusap (19) sa itaas, ang bare/independent verb *duduk* ‘umupo’ ay isang intransitive verb, kung kaya ang noun *kursi* ‘silya’ ay object ng nominal marker *di* ‘sa’, at hindi direct object ng verb. Ang halimbawang pangungusap sa itaas ay maituturing na payak, kung kaya ang salin sa Tagalog ay ginagamitan ng gitlaping *-um-*, na ang focus ay sa AGENT *Bambang*, na siya ring subject sa pangungusap sa Bahasa Indonesia. Sa kabilang banda, kung ang verb *duduk* ay kakabitan ng hulaping *-i*, ang kalalabasang anyo ng verb *menduduki* ay mangangailangan ng direct object, gaya ng noun *kursi* na may semantic role na LOCATION:

(20)	Ind:	<i>Bambang</i> Bambang	<i>menduduki</i> sat down on	<i>kursi.</i> chair
	Tag:	<i>Inupuan</i> was sat down on	<i>ni Bambang</i> by Bambang	<i>ang silya.</i> the chair

‘Bambang sat down on the chair.’

Sa pangungusap (20) sa itaas, in-absorb ng verb *menduduki* ang noun *kursi* bunga ng pag-promote sa huli bilang direct object. Dahil dito, natanggal ang nominal marker *di* na nagpapahiwatig ng semantic role sa naunang halimbawang pangungusap (19). Ang ganitong proseso ng pagsasaprominente ng isang noun phrase sa pamamagitan ng pagtatabi nito sa verb at pag-absorb ng verb sa nominal marker ng isinaprominenteng noun phrase ay maihahambing sa penomenon ng pag-focus ng verb sa wikang Philippine-type gaya ng Tagalog. Matatandaang sa pag-focus ng verb sa isang noun phrase, nag-iiba ang anyo ng verb sa pamamagitan ng pagkakabit ng karampatang panlapi, tinatakdaan ng neutral nominal marker *ang* ang focused noun phrase na tinanggalan ng nominal marker na tumutukoy sa semantic role nito. Kung kaya, ang salin sa pangungusap (20) sa itaas ay ‘Inupuan ni Bambang ang silya.’

Ganito rin ang makikita sa sumusunod na halimbawang pangungusap:

(21)	Ind:	<i>Presiden</i> president	<i>hadir</i> attended	<i>(di rapat itu).</i> (at the meeting)
	Tag:	<i>Dumalo ang pangulo</i> attended the president	<i>(sa pulong).</i> (at the meeting)	

‘The president attended (the meeting).’

Ang pangungusap (21) ay naglalaman ng intransitive verb *hadir*, at opsiyonal na noun phrase na may semantic role na LOCATION. Ang pangungusap na ito ay maituturing na payak; kung kaya ang salin sa Tagalog ay magreresulta sa: ‘Dumalo ang pangulo (sa pulong).’. Subalit kung gagawing direct object ng verb ang LOCATION *rapat itu* ‘pulong’, ang verb *hadir* ay kakabitan ng hulaping *-i*, gaya ng makikita sa ibaba:

(22)	Ind:	<i>Presiden</i> president	<i>menghadiri</i> attended	<i>rapat itu.</i> the meeting
	Tag:	<i>Dinaluhan</i> was attended	<i>ng pangulo</i> by the president	<i>ang pulong.</i> the meeting

‘The president attended the meeting.’

Sa salin sa Ingles ng pangungusap (22), makikitang nag-iiba ang verb mula sa ‘to be present’ patungong ‘to attend’ dahil ito ang pinakamalapit na pagtutumbas sa anyo ng transitive verb na nabuo. Gayunman, sa Tagalog, maisasalin ang pangungusap (22) sa pamamagitan ng pag-aakyat ng LOCATION *rapat itu* sa grammatical subject position habang ina-absorb ng verb ang LOCATION focus affix *-an*. Samakatuwid, ‘Dinaluhan ng pangulo ang pulong.’

OBJECT BILANG RECIPIENT

Ginagamit din ang hulaping *-i* kung ang noun phrase na may semantic role na RECIPIENT ang siyang direct object ng verb. Ang semantic role na RECIPIENT ay ang entidad na pinatutunguhan ng THEME na kadalasang lumilitaw bilang complement ng mga verb tulad ng *mengirim* ‘ipadala’, *memberi* ‘bigay’, at iba pang katulad nito. Tingnan ang pangungusap sa ibaba:

(23)	Ind:	<i>Ibu</i> mother	<i>menawar</i> offered	<i>makanan</i> food	<i>kepada tamu</i> to guest
	Tag:	<i>Nag-alok</i> offered	<i>ng pagkain</i> food	<i>ang nanay</i> the mother	<i>sa bisita.</i> to the guest

‘Mother offered food to the guest.’

Payak ang kayarian ng pangungusap (23) sa itaas: ang verb ay hindi kinakabitan ng panlapi, kung kaya sa salin sa Tagalog, ang ginamit na verbal affix ay ang AGENT-focus *mag-*. Samantala, ang nominal marker para sa noun phrase na may semantic role na RECIPIENT ay *kepada* ‘sa/kay’. Kung ang nasabing noun phrase ang siyang magiging direct object ng verb, sa kaso sa pangungusap (23) sa itaas ay *menawar* ‘mag-alok’, kakabitan ang verb ng hulaping *i-*, iwawaglit ang nominal marker ng noun phrase na may semantic role na RECIPIENT, at ilalagay sa tabi ng verb, gaya ng makikita sa pangungusap (24) sa ibaba:

(24)	Ind:	<i>Ibu</i> mother	<i>menawari</i> offered	<i>tamu</i> guest	<i>makanan.</i> food
	Tag:	<i>Inalok</i> was offered	<i>ng nanay</i> by mother	<i>ng pakain</i> some food	<i>ang bisita.</i> the guest

‘Mother offered the guest food.’

Halos tuwiran ang salin ng ganitong kayarian ng pangungusap sa Bahasa Indonesia patungong Ingles. Ito ang tinatawag na ditransitive construction, kung saan ang verb ay tila may dalawang object, bagaman sa canonical na anyo ng pangungusap, ang isa sa dalawang noun phrase na ito ay indirect object. Ang marker ng indirect object na ito sa ditransitive construction ay natatanggal at ipinupuwesto sa tabi ng verb. Sa Ingles, ang indirect object ay may semantic role na RECIPIENT, samantalang ang direct object ay may semantic role na THEME.

Sa pagsasalin ng ganitong pangungusap patungong Tagalog, nakadepende ang panlapi sa verb na predicate ng pangungusap. Sa Cognitive Grammar, ang mga verb na ito ay kabilang sa transfer schema, kung saan ang pag-iral ng RECIPIENT ay obligatory upang makompleto ang kahulugan ng verbal predicate. Sa ibang pagkakataon, sa halip na RECIPIENT, ang semantic role na ginagamit upang tukuyin ang patutunguhan ng kilos ay tinatawag na GOAL o DIRECTION. Sa kaso ng pangungusap (24) sa itaas, ang panlaping ginagamit upang i-focus ang RECIPIENT ng kilos ay *-in*, kung kaya ang anyo ng verb ay *alukin*.

Tingnan ang sumusunod pang mga halimbawa:

- (25) Ind: *Siti mengirim uang kepada Naoko.*
Siti sent money to Naoko.
- Tag: *Nagpadala ng pera si Siti kay Naoko.*
sent some money Siti to Naoko
- ‘Siti sent money to Naoko.’
- (26) Ind: *Siti mengirimi Naoko uang.*
Siti sent Naoko money
- Tag: *Pinadalhan ni Siti ng pera si Naoko.*
was sent by Siti some money Naoko
- ‘Siti sent Naoko (some) money.’

Ang pangungusap (25) sa itaas ay maisasalin sa Tagalog na, ‘Nagpadala ng pera si Siti kay Naoko.’ sapagkat ito ay payak na pangungusap sa Bahasa Indonesia. Sa pangungusap (26) naman, dahil ang RECIPIENT *Naoko* ang siyang direct object ng verb *mengirimi*, ang panlaping ikinakabit sa verb sa Tagalog ay *-an*, na kahawig ng panlaping ginagamit upang i-focus ang complement na may semantic role na LOCATION.

-KAN VERB NA HALAW SA ADJECTIVE

A ng verbal circumfix na *meN-...-kan* sa Bahasa Indonesia ay ikinakabit din sa mga adjective stem. Kadalasang causative din ang kahulugan ng kinahihinatang anyo ng verb na ito, gaya ng makikita sa sumusunod na halimbawa:

- (27) Ind: *Kamar ini bersih.*
room this clean
- Tag: *Malinis ang silid na ito.*
clean this room
- ‘This room is clean.’
- Sa pangungusap (27) sa itaas, ang predicate ay ang adjective *bersih* ‘malinis, at iisa lamang ang complement, ang THEME *kamar ini* ‘ang silid na ito’. Ang adjective *bersih* ay maaaring gawing verb sa pamamagitan ng pagkakabit ng circumfix na *meN-...-kan*, subalit nagkakaroon ng pagbabago sa anyo at kahulugan ng pangungusap, gaya ng matutunghayan sa pangungusap (28) sa ibaba:
- (28) Ind: *Siti membersihkan kamar ini.*
Siti caused to become clean room this
- Tag: *Nilinis ni Siti ang silid na ito.*
was cleaned by Siti this room
- ‘Siti cleaned this room.’

Ang kinalabasang anyo ng verb *membersihkan* ay may literal na kahulugang ‘magdulot ng pagkamalinis’ o ‘to cause to become clean’. Gayunman, ang gloss sa Ingles ay ‘to clean’, dulot na rin ng morphological process na conversion. Ang THEME *kamar ini* ‘ang silid na ito’ ay naging direct object ng verb *membersihkan*, samantalang ang noun phrase *Siti* na may semantic role na AGENT ang siyang kumuha ng slot para sa grammatical subject. Kung gayon, sa Tagalog, ang salin ay ginagamitan ng verb na may panlaping *-in*, naka-focus sa THEME *silid*.

Sa kabilang banda, tingnan ang sumusunod na pangungusap:

(29)	Ind:	<i>Film itu</i> the film	<i>membosankan</i> caused to become bored	<i>Afik.</i> Afik
	Tag:	<i>Ikinainip</i> made s.b. ₁ bored	<i>ni Afik</i> Afik ₁	<i>ang pelikulang iyon.</i> that film

‘That film bored Afik.’

Ang ganitong uri ng verb na halaw sa adjective ay kabilang sa set na may kinalaman sa emosyon o atityud. Sa pangungusap (29) sa itaas, ang verb *membosankan* ‘magdulot ng pagkainip’ ay halaw sa adjective *bosan* ‘nakaiinip’. Ang direct object ng verb *membosankan* ay ang noun phrase *Afik* na may semantic role na EXPERIENCER, o ang kalahok na mahina o walang kusang nakararanas ng emosyonal, perseptuwal, o mental na karanasan. Samantala, ang subject *film itu* ‘ang pelikulang iyon’ ay sinasabing may semantic role na STIMULUS. Yamang ang direct object ng verb sa Bahasa Indonesia ay may semantic role na EXPERIENCER, ito ang itinuturing na grammatical subject kung isasalin ang pangungusap sa Tagalog: ‘Ikinainip ni Afik ang pelikulang iyon.’ Makikitang ang verbal affix na ginamit ay may causative na interpretasyon, *ika-*, subalit ang focus ay sa EXPERIENCER.

Ang halimbawang konstruksiyong tinalakay sa itaas ay kinapapalooban ng transitive verb dulot ng pagkakabit ng panlaping *meN-...-kan* sa adjective stem. Gayunman, mayroong isa pang set ng mga adjective na kapag kinabitan ng nasabing panlapi ay magbubunga ng intransitive verb. Ibig sabihin, ang grammatical subject na may semantic role na THEME ang tuwirang apektado o pinatutungkulan ng verbal predicate na hinalaw sa adjective. Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

(30)	Ind:	<i>Film itu</i> film the	<i>membosankan.</i> boring
	Tag:	<i>Nakaiinip/Nakakainip</i> boring	<i>ang pelikulang iyon.</i> that film

‘That film is boring.’

Sa pangungusap (30) sa itaas, ang THEME *film itu* ang siyang pinatutungkulan ng verb *membosankan*. Sa Tagalog, ang salin ng verb *membosankan* ay yaong ginagamitan ng panlaping *naka-+C₁V₁* (o *nakaka-* sa pasalitang anyo). Dahil sa walang direct object ang verb sa pangungusap (30) sa itaas, ang pagtuturing sa *meN-...-kan* verb ay higit na nakahilig sa pagka-adjective kaysa pagka-verb; kung kaya, ang gloss sa Ingles ng *membosankan* sa pangungusap (30) ay ang adjectival na ‘boring’. Bukod dito, ang magiging interpretasyon sa predicate ay ang pagdanas ng THEME na inilalarawan ng adjective. Kung gayon, sa halimbawang pangungusap (30) sa itaas, sinuman ay maaaring makaranas ng pagkainip sa panonood ng pelikulang tinutukoy.

Karagdagan dito, kung may pangangailangang magdagdag ng complement na may semantic role na EXPERIENCER, ito ay sinisimulan ng preposition *bagi* ‘para sa/kay’, gaya ng matutunghayan sa pangungusap (31) sa ibaba, na binagong bersiyon ng pangungusap (29):

(31)	Ind:	<i>Film itu</i> the film	<i>membosankan</i> boring	<i>bagi Afik.</i> for Afik
	Tag:	<i>Nakaiinip/Nakakainip</i> boring	<i>ang pelikulang iyon</i> that film	<i>para kay Afik.</i> for Afik

‘That film is boring for Afik.’

Kung ikukumpara ang pangungusap (31) sa (29) sa itaas, makikitang magkaiba ang salin kapwa sa Ingles at Tagalog dulot na rin ng pag-iral ng preposition *bagi*. Sa Tagalog, ang ginamit na verbal affix upang isalin ang *membosankan* sa pangungusap (31) ay hindi *ika-* na naka-focus sa EXPERIENCER, gaya ng makikita sa pangungusap (29), kundi ang affix na *naka-+C₁V₁* (o *nakaka-*) na nagtatakda na ang grammatical subject ay ang STIMULUS o tagapagdulot ng emosyon o atityud na isinasaad ng predicate.

-KAN VERB NA HALAW SA NOUN

Sa Bahasa Indonesia, ang noun na kinabitan ng circumfix na *meN-...-kan* ay nagbubunga ng transitive verb na may dalawang kahulugan: (a) 'ilagay ang THEME o dalhin ang THEME sa LOCATION noun' o (b) 'magdulot sa object na maging o ituring bilang entidad na tinutukoy ng noun'. Tingnan ang sumusunod na mga halimbawa:

- | | | | | |
|------|------|---|--|--|
| (32) | Ind: | <i>Jamilah</i>
Jamilah | <i>menyekolahkan</i>
sent to school | <i>anaknya di Jakarta.</i>
her child in Jakarta |
| | Tag: | <i>Pinag-aral</i>
was sent to school | <i>ni Jamilah</i>
by Jamilah | <i>sa Jakarta</i>
in Jakarta |
| | | | | <i>ang anak niya.</i>
her child |
| | | | | 'Jamilah sent her child to school in Jakarta.' |
| (33) | Ind: | <i>Mahasiswa</i>
student(s) | <i>mendaftarkan</i>
enlisted | <i>nama mereka.</i>
their name |
| | Tag: | <i>Ipinatala</i>
was enlisted | <i>ng mga bagong estudyante</i>
by the students | <i>ang kanilang pangalan.</i>
their name |
| | | | | 'The new students enlisted their name.' |

Walang iisang paraan sa pagsasalín ng mga *meN-...-kan* verb na mula sa noun sa Bahasa Indonesia patungong Tagalog (o Ingles), kung kaya kadalasang hinahanapan na lamang ng pinakamalapit na katumbas. Gayunman, sa mga halimbawang ipinakita sa pangungusap (32) at (33) sa itaas, makikitang ang mga verb na ginamit ay kabilang sa unang pagpapakahulugan (a). Sa pangungusap (32), ang verb *menyekolahkan* na may literal na salin na 'ipadala sa paaralan' at halaw sa noun *sekolah* 'paaralan', ay nangangahulugang dalhin ng AGENT *Jamilah* ang direct object *anaknya* 'anak niya' sa tinutukoy ng verb *menyekolahkan*, i.e., ang LOCATION *sekolah*. Sa Tagalog, ang pinakamalapit na salin para sa pangungusap (32) ay 'Pinag-aral ni Jamilah sa Jakarta ang anak niya.', sapagkat ang verb *pinag-aral* ay may sentidong causative at naka-focus sa THEME na tuwirang apektado ng kilos. Para sa pangungusap (33) naman, ang verb *mendaftarkan*, na isinasalin sa Ingles na 'to enlist' at halaw sa noun *daftar* 'talaan', ay may tuwirang salin na 'magdulot sa object (sa kaso ng pangungusap (33), ang noun *nama* 'pangalan') na ilagay sa listahan'. Dahil dito, ang karampatang salin ng pangungusap (33) sa Tagalog ay: 'Ipinatala ng mga bagong estudyante ang kanilang pangalan.'

Samantala, para naman sa kahulugan (b), tingnan ang sumusunod na pangungusap:

- | | | | | |
|------|------|------------------------------------|--------------------------------------|---|
| (34) | Ind: | <i>Polisi</i>
police | <i>merahasiakan</i>
kept a secret | <i>nama informannya.</i>
name of their informant |
| | Tag: | <i>Inilihim</i>
was kept secret | <i>ng pulisya</i>
by the police | <i>ang pangalan</i>
the name |
| | | | | <i>ng impormante nila.</i>
of their informant |
| | | | | 'The police kept the name of their informant a secret.' |

Sa pangungusap (34) sa itaas, ang verb *merahasiakan* ay halaw sa noun *rahasia* 'lihim'. Ang noun phrase *nama informannya* 'pangalan ng impormante nila' ang siyang direct object ng verb at dumaranas ng tinutukoy ng verbal predicate ng pangungusap. Ang tuwirang gloss sa Tagalog ng verb *merahasiakan* ay 'ituring na lihim'; gayunman, ang salin ay maaari din namang 'Inilihim ng pulisya ang pangalan ng impormante nila.'

-I VERB NA HALAW SA NOUN

Gaya ng tinalakay sa itaas, ang canonical na anyo ng pangungusap sa Bahasa Indonesia kung saan hinango ang mga pangungusap na may *-i* verb ay may nominal phrase na may semantic role na LOCATION. Sa pagkakabit ng hulaping *-i* sa verb, naa-absorb ang nominal marker ng LOCATION

complement at nagiging direct object ito ng verb. Ang mga verb na halaw sa noun at kinakabitan ng circumfix na *meN-...-i* ay may dalawang pakahulugan: (a) ‘lagyan o bigyan ang THEME ng tinutukoy ng noun base’ o (b) ‘magsilbing entidad na tinutukoy ng noun base’. Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

(35)	Ind:	<i>Dokter</i> doctor	<i>mengobati</i> applied medicine to	<i>luka</i> wound	<i>(dengan antibiotika).</i> (with antibiotics)
	Tag:	<i>Ginamot</i> was treated	<i>ng doktor</i> by the doctor	<i>ang sugat</i> the wound	<i>(gamit ang antibiotic).</i> (using antibiotics)

‘The doctor treated the wound (with antibiotics).’

Sa pangungusap (35) sa itaas, ang verb *mengobati* ‘lagyan ng gamot’ ay halaw sa noun *obat* ‘gamot’. Ang ganitong anyo ay nakapailalim sa kahulugan (a) na naglalarawan ng paglalagay ng THEME gamot (noun na pinaghalawan ng verb *mengobati*) sa LOCATION sugat (direct object *luka* ‘sugat’ ng verb *mengobati*). Ang noun phrase *dengan antibiotika* ‘gamit ang antibiotic’ ay opsiyonal na complement, at ito ay may semantic role na INSTRUMENT. Dahil ang noun *luka*, na may semantic role na LOCATION (o RECIPIENT), ang siyang direct object ng verb *mengobati*, ang salin sa Tagalog ay verbalized noun din, *gamot* na kinabitan ng RECIPIENT- o GOAL-focus affix *-in*, kaya: ‘Ginamot ng doktor ang sugat (gamit ang antibiotic).’

Para naman sa kahulugan (b), tingnan ang sumusunod na pangungusap:

(36)	Ind:	<i>Asap hitam</i> black smoke	<i>dari pabrik itu</i> from the factory	<i>menyelimuti</i> blanketed	<i>kota.</i> city
	Tag:	<i>Kinumutan</i> was blanketed	<i>ng itim na usok</i> by black smoke	<i>mula sa pabrik</i> from the factory	<i>ang lungsod.</i> the city

‘The black smoke from the factory blanketed the city.’

Ang verb *menyelimuti* sa pangungusap (36) ay halaw sa noun *selimut* ‘kumot’ at ang direct object nito ay ang noun *kota* ‘lungsod’ na may semantic role na LOCATION. Inilalarawan ng pangungusap (36) sa itaas ang kahulugan (b) ng *-i* verb na halaw sa noun: ‘magsilbing kumot (mula sa *selimut* na siyang base ng verb *menyelimuti*) ang AGENT *asap hitam dari pabrik itu* ‘itim na usok mula sa pabrik’ sa LOCATION *kota* ‘lungsod’, na siya ring direct object ng verb’. Sa Tagalog, ang panlaping ginagamit sa verb na katumbas nito ay yaong kinakabitan ng hulaping *-an* na nagbibigay-focus sa LOCATION; kung kaya ang salin sa Tagalog ng pangungusap (36) ay: ‘Kinumutan ng itim na usok mula sa pabrik ang lungsod.’

ILAN PANG MGA TALA

Itinampok sa papel na ito ang pag-uugnay ng syntax ng Bahasa Indonesia at Tagalog sa pamamagitan ng pagsusuri sa dalawang pamamaraan ng pagsasaprominente ng elemento sa pangungusap— pagpili ng elementong iaangat upang maging direct (primary) object ng verb sa Bahasa Indonesia at grammatical subject naman sa Tagalog. Ang pagbibigay-paliwanag sa kayarian ng pangungusap sa isang patunguhang wika (target language) sa pananaw ng simulaang wika (o source language) (gamit ang simulaang wika bilang metalanguage o wika ng pagpapaliwanag) ay makatutulong din upang matukoy ang higit na angkop na salin sa pagitan ng dalawang wika, maging ang angkop na katumbas na kayarian ng pangungusap lalo na kung ituturo ang Bahasa Indonesia sa mga mag-aaral na tagapagsalita ng Tagalog (o iba pang wika ng Pilipinas) o vice versa.

Mayroon nang umiiral na mga pag-aaral hinggil sa panlaping *-kan* at *-i* sa Bahasa Indonesia, gaya ng pag-aaral ni Kroeger, *Morphosyntactic vs. Morphosemantic Functions of Indonesian -kan* (229). Nabanggit na rin sa itaas ang pag-aaral nina Cole, Hermon, at Yanti (1549-1552) hinggil sa konsepto ng voice sa iba’t ibang barayti ng Bahasa Indonesia at Bahasa Malaysia, at kung paano ito ihahambing sa mga wikang Philippine-type. Ito ay pagpapatibay na rin sa pinaninindigan ni Verhaar (27) sa kaniyang pag-aaral tungkol sa categorial system sa Bahasa Indonesia na nakatuon sa mga verb. Anila, ang

mga wikang Indonesian-type ay naiiba sa mga wikang Philippine-type sa paraang ang mga wikang Indonesian-type ay hindi kakikitaan ng morphological na pagbabago sa verb upang umayon (agreement) sa ilang semantic role na nais gawing prominente sa pangungusap, halimbawa, BENEFACTIVE, LOCATIVE, at RECIPIENT. Sa halip, bumubuo ang mga wikang ito ng applicative marking na nag-aakyat sa mga nasabing semantic role hindi sa posisyon ng grammatical subject ng pangungusap, gaya ng makikita sa mga wikang Philippine-type, kundi sa posisyon ng direct object ng verb. Makikita naman sa pag-aaral ni Lazaro ang paghahambing sa LOCATIVE “case” ng Bahasa Indonesia at ang katumbas na ekspresyon nito sa Tagalog.

Para sa maraming guro ng Bahasa Indonesia, isa sa mga pinakamahirap na iturong paksa ay ang paggamit ng *-kan* at *-i* dahil sa lawak ng posibleng kahulugan na maaari nitong malikha—na nakadepende sa iba’t ibang elemento ng pangungusap gaya ng base na pinaghalawan ng verb, nominal marker ng mga complement, at konteksto ng diskursong kinapapalooban ng pangungusap. Kadalasan din, para sa mismong (taal na) tagapagsalita ng Bahasa Indonesia, wala namang gaanong pagkakaiba ang paggamit o di-paggamit ng panlaping *-kan* at *-i*, sapagkat magkatulad din lamang naman daw ang kahulugan (Moeliono at Dardjowidjojo 176; Sneddon, *Indonesian: A Comprehensive Grammar* 96). Gayunman, maaaring ito ay bunga na rin ng iisa lamang na salin sa Ingles na limitado pagdating sa kompletong paglalarawan ng Bahasa Indonesia. Samakatuwid, hindi gaanong napatitingkad ang kaibahan (bahagya man o hindi) sa kahulugan ng pangungusap na may verbal predicate na kinakabitan ng *-kan* o *-i*, kaya iisa lamang ang idiomatikong katumbas sa Ingles. Hindi na naisama sa papel na ito ang pagtatala ng lahat ng verb na nalalapatan ng mga panlaping *-kan* at *-i*, subalit ipinapanawagan ang ganitong tahak ng pag-aaral sa subcategorization at conjugation ng verb sa Bahasa Indonesia na maaaring bunsod ng pagsusuri sa isang korpus, masinsing pagsuyod sa mga naisulat na grammar at diksiyonaryo, at/o pangangalap ng datos sa pamamagitan ng informant work.

Hinahangad ng kasalukuyang pag-aaral na magbigay-daan ito sa patuloy pang pagtalakay hinggil sa implikasyon ng pagsipat sa syntactic behavior ng *-kan* at *-i* verb sa Bahasa Indonesia at ng mga complement nito sa lente ng focus system ng mga wikang Philippine-type gaya ng Tagalog. Tinatanaw rin ng papel na ito ang higit na masinsing mga pag-aaral hinggil sa pagtuturo at pagsasalín mula naman sa

punto de bista ng tagapagsalita ng Bahasa Indonesia. Ang paghahambing ng mga wikang kabilang sa magkaibayong syntactic typology ay magbibigay-linaw naman sa paraan ng pagtuturo ng Bahasa Indonesia sa mga mag-aaral na taal na tagapagsalita ng Tagalog, maging sa mga nagnanais na lumusong sa larangan ng pagsasalín sa pagitan ng dalawang naturang wika. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Arka, I Wayan. *The -kan Causative in Indonesian*. Tesis MPhil. University of Sydney, 1993. Limbag.
- _____, Mary Dalrymple, Meladel Mistica, Suriel Mofu, Avery Andrews, at Jane Simpson. “A Linguistic and Computational Morphosyntactic Analysis for the Applicative -i in Indonesian.” Nasa Miriam Butt at Tracy Holloway King (ed.), *Proceedings of the LFG09 Conference, 2009*, 85-105. Stanford: CSLI Publications, 2009. Limbag.
- Byrnes, Christopher at Eva Nyimas. *Teach Yourself Indonesian*. Reading, Berkshire: Hodder Education, 2003. Limbag.
- Chung, Sandra. “An Object-creating Rule in Bahasa Indonesia.” *Linguistic Inquiry* 7 (1976): 41-87. Limbag.
- Cole, Peter at Min-Jeong Son. “The Argument Structure of Verbs with the Suffix *-kan* in Indonesian.” *Oceanic Linguistics* 43 (2004): 339-364. Limbag.
- Cole, Peter, Gabriella Hermon, at Yanti. “Voice in Malay/Indonesian.” *Lingua* 118 (2008): 1500-1553. Limbag.
- Dardjowidjojo, Soenjono. “The *meN-*, *meN-kan*, and *meN-i* Verbs in Indonesian.” *Philippine Journal of Linguistics* 2 (1974): 71-84. Limbag.
- Foley, William A. at Robert D. Van Valin. *Functional Syntax and Universal Grammar*. Cambridge: Cambridge University Press, 1984. Limbag.
- Javier, Jem R. “The Material and the Psychological: An Analysis of Tagalog Clause Structure using Cognitive Grammar.” *Jati: Journal of Southeast Asian Studies* 19 (2014): 128-150. Limbag.

- Jubilado, Rodney C. "Philippine Linguistics, Filipino Language, and the Filipino Nation." *Jati: Journal of Southeast Asian Studies* 9 (2004): 43-54. Limbag.
- Kroeger, Paul. *Phrase Structure and Grammatical Relations in Tagalog*. Stanford: CSLI Publications, 1993. Limbag.
- _____. "Morphosyntactic vs. Morphosemantic Functions of Indonesian *-kan*." Nasa Annie Zaenen, Jane Simpson, Tracy Holloway King, Jane Grimshaw, Joan Maling, at Chris Manning (ed.), *Architectures, Rules, and Preferences: Variations on Themes of Joan W. Bresnan*, 229-251. Stanford: CSLI Publications, 2007.
- Langacker, Ronald. *Cognitive Grammar: A Basic Introduction*. Oxford: Oxford University Press, 2008. Limbag.
- Lazaro, Clarissa. *Locative Case in Tagalog and Indonesian Language: A Contrastive Analysis*. Tesis Masterado. Universitas Gadjah Mada, 2009. Limbag.
- Malicsi, Jonathan. *Grammar ng Filipino*. Lungsod ng Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino Diliman, 2014. Limbag.
- Moeliono, Anton M. at Soenjono Dardjowidjojo (ed.). *Tata Bahasa Baku Bahasa Indonesia*. Jakarta: Balai Pustaka, 1988. Limbag.
- Musgrave, Simon. *Non-subject Arguments in Indonesian*. Disertasyong Doktorado. Melbourne University, 2001. Limbag.
- Purwo, Bambang Kaswanti. "Voice in Indonesian: A Discourse Study." Nasa Masayoshi Shibatani (ed.), *Passive and Voice*, 195-242. Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 1988. Limbag.
- _____. "The Two Proto-types of Ditransitive Verbs: The Indonesian Evidence." Nasa Werner Abraham, Thomas Givón, at Sandra A. Thompson (ed.), *Discourse Grammar and Typology*, 77-99. Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 1995. Limbag.
- Radden, Günter at René Dirven. *Cognitive English Grammar*. Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 2007. Limbag.
- Reid, Lawrence A. at Hsiu-chuan Liao. "A Brief Syntactic Typology of Philippine Languages." *Language and Linguistics* 5.2 (2004): 433-490. Limbag.
- Ross, Malcolm. "Final words: Research themes in the history and typology of western Austronesian languages." Nasa Fay Wouk at Malcolm Ross (ed.), *The history and typology of Western Austronesian voice systems*, 451-474. Canberra: Pacific Linguistics, 2002. Limbag.
- Sneddon, James Neil. *Indonesian: A Comprehensive Grammar*. London: Routledge, 1996. Limbag.
- _____. *Understanding Indonesian Grammar: A Student's Reference and Workbook*. New South Wales: Allen & Unwin, 2000. Limbag.
- Vamarasi, Marit Kana. *Grammatical Relations in Bahasa Indonesia*. Canberra: Pacific Linguistics, 1999. Limbag.
- Verhaar, John. "The Categorial System in Contemporary Indonesian: Verbs." Nasa Bambang Kaswanti Purwo (ed.), *Towards a Description of Contemporary Indonesian: Preliminary Studies Part I*, 27-64. Jakarta: NUSA Universitas Atma Jaya, 1984. Limbag.



Si JEM R. JAVIER ay Katuwang na Propesor sa Departamento ng Linggwistik, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtuturo siya ng mga gradwado at di-gradwadong kurso sa linggwistik at Bahasa Indonesia/Malaysia, at nagsasagawa ng mga pananaliksik sa linggwistik, aralin sa kultura ng Pilipinas, at ugnayan ng wika at katalusan (language and cognition). Maaari siyang makontak sa jem.javier@up.edu.ph.